Public education
**Discover a world of opportunities**

TAON 1 AT 2

# MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA IDEYANG UKOL SA MGA GAWAING NAUUKOL SA BILANG KAPAG KAYO AY GUMAGAWA NG KARANIWANG GAWAIN

### Sa kotse

Maraming mga larong maaaring laruin ninyo kasama ng inyong mga anak sa kotse upang panatilihing silang abala:

- Bilangin ninyo kasama ng inyong mga anak ang mga kotse. Gawin ninyong medyo mahirap ang laro sa pamamagitan ng pagbilang ng mga kotse ng bawat kulay. Gumawa kayo ng talaan ng mga kotseng binilang para sa bawat kulay at sa katapusan ng biyahe, tingnan ninyo kung aling kulay ang nanalo. Bigyan ninyo ng mga halaga ang bawat kulay. Halimbawa mga puting kotse = 1 punto, mga itim na kotse = 2 puntos, mga asul na kotse = 3 puntos at iba pa.
- Mag-usap kayo tungkol sa mga direksyon gamit ang salita gaya ng: *kaliwa, kanan, hilaga, timog, silangan,* at *kanluran.*
- Ipakita ninyo sa inyong mga anak kung paano bumasa ng mga mapa sa isang aklat - talaan ng mga karsada o elektronikong ‘navigator’ na gamit ang mga sangguniang bilang (reference number) at mga titik.
- Sa gasolinahan sabihin sa inyong mga anak na magtanong ng mga tanong gaya ng: *Magkano ang gasolina ngayong araw?* at *Paano ninyo nalaman iyon?*

### Sa kapitbahayan

Kapag kayo ay naglalakad kasama ng inyong anak sa inyong kapitbahayan:

- ituro ninyo ang mga numero ng mga bahay at pag-usapan ninyo kung ang mga ito ay *kakaiba (odd)* o *pantay (even)*
- mag-usap kayo tungkol sa mga hugis, halimbawa: *Tatsulok ang senyas ng pagbigay ng daan*
- mag-usap kayo tungkol sa mga direksyon habang naglalakad papunta sa bahay ng isang kaibigan at sa mga tindahan

### Pamimili

Kapag kayo ay namimili, mananatiling abala ang inyong mga anak kung papagawain ninyo sila ng mga sumusunod:

- magtawag ng pansin sa mga tatlong-dimensyunal na mga bagay at sabihin kung ano ang tawag sa bagay na iyon, halimbawa: *Ang latang ito ay isang silindro*
- tumuklas at mag-usap tungkol sa mga pera, mga barya, mga perang papel at mga ‘credit kard’, halimbawa ang mga perang papel at mga baryang inyong ginagamit upang bumili ng mga bagay, ang binibigay na sukli, ang kabuuang halaga ng mga biniling bagay at kung ano ang’ credit’ kard at ‘debit’ kard.
- alamin kung ilan ng bawat bagay ang kailangan, halimbawa: *Kung ang bawat isa ay kakain ng dalawang tsoriso, ilan ang kakailanganin natin para sa hapunan?*
- humanap at mag-grupo ng *mabibigat, magagaang* at *matataas* na mga bagay kapag inaalis sa pagkakaimpake ang mga pinamili.



Department of
**Education**

**Makakakita kayo nang higit pa na mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

© Department of Education, Western Australia, 2015